

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton nakikipagtulungan sa NASSCOM para patibayin ang pandaigdigang mga koneksyon sa Innovation District

BRAMPTON, ON (Mayo 5, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay nasa dulo ng dahan-dahan at malaking transpormasyon na may lumalaking sektor ng inobasyon at teknolohiya na puno ng mga oportunidad para sa pandaigdigang mga negosyo. Sa araw na ito, pinirmahan ng Lungsod ang memorandum ng pagkakaunawaan kasama ang National Association of Software and Services Companies (NASSCOM) ng India para itakda ang *Launchpad program* sa Brampton. Ang Brampton ay ang tanging lungsod ng Canada na pipiliin para sa ekspansyon ng programa.

Sa pamamagitan ng partnership na ito, ang *Launchpad program* ay kikilos bilang isang tagapasimula sa pandaigdigang ekspansyon ng mga kumpanya ng Information Technology (IT) sa pamamagitan ng pagpapataas sa mga koneksyon sa pagitan ng pamahalaan ng India at mga ecosystem ng lokal na ekonomiya. Ang mga kalahok sa mga programa ay magkakaroon ng mas pinadaling access sa pagtatrabaho sa mga dayuhang merkado, na may suporta ng mga regulasyon ng pamahalaan, pagpapalano sa buwis at mga insentibo sa iba't ibang rehiyon.

Ang [Brampton BHive](#) – ay isang soft landing pad para sa mga pandaigdigang negosyo sa Downtown Brampton – kikilos bilang home base para sa mga kumpanya ng IT na sumasali sa program.

National Association of Software and Services Companies (NASSCOM)

Ang NASSCOM ay nangungunang trade body at chamber of commerce ng industriya ng teknolohiya sa India at bumubuo sa higit sa 3,000 kasaping mga kumpanya kabilang ang kapwa Indian at multinasyonal na mga organisasyon na may presensya sa India. Ang membership nito ay sumasaklaw sa buong spectrum ng industriya mula sa mga start-ups hanggang sa multinasyonal at mula sa mga produkto hanggang sa mga serbisyo, Global Service Centers hanggang sa mga Engineering firm.

Tungkol sa Innovation District ng Brampton

Ang [Innovation District](#), na matatagpuan sa Downtown Brampton, ay may matalas na pokus sa start-up scaling, atraksyon sa pamumuhunan at pag-develop ng talento, at magbibigay ng lokal na suporta para sa mga negosyante at bagong negosyo. Nag-aalok din ito ng mga resource para suportahan ang inobasyon at mga kumpanya ng teknolohiya sa pagpapasulong ng kanilang trabaho.

May mga kasunduan sa umpisa ng 2019, committed ang Lungsod sa pamumuhunan sa tinatayang \$20.5 milyon sa Innovation District nito, na may karagdagang tinatayang \$55.2 milyon sa mga pamumuhunan na nakuha ng mga partner ng Innovation District.

Kabilang sa mga partner ng Innovation District ang entrepreneurial, business incubation, post-secondary na pagsasanay, at accelerator spaces tulad ng Brampton Entrepreneur Centre, BHive Brampton, ng Toronto Metropolitan University-led Venture Zone, Altitude Accelerator, ng Founder Institute, Algoma University, at ng Rogers Cybersecure Catalyst Headquarters at Accelerator. Sheridan Edge, ang Brampton Board of Trade and Downtown Brampton BIA ay mga susing partner din sa pagtatayo ng Innovation District.

Tungkol sa Brampton BHive

Ang BHive, na matatagpuan sa Innovation District, ay isang inisyatiba na pinapalakas ng Lungsod ng Brampton na may layunin na palakasin ang susunod na henerasyon na mga innovator, pabilisin ang kanilang paglalakbay at lumikha ng positibong epekto para sa negosyante, ekonomiya at komunidad sa kabuuan. Itinatag sa pakikipagtulungan sa Toronto Business Development Centre, ang BHive ay nilalayon para hikayatin ang mga dayuhang negosyante na gustong magtatag ng bago, nasusukat na mga negosyo sa Canada sa pamamagitan ng Start-up Visa Program. Ang matagumpay na mga aplikante ay bibigyan ng kanilang permanenteng residensya at sa loob ng kanilang 6 na buwang incubation program, bibigyan ng hanay ng mga resource kabilang ang espasyo ng tanggapan, mga oportunidad sa networking, at mga serbisyo sa suporta sa negosyo.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa Innovation District, bisitahin ang www.bramptoninnovationdistrict.com o panoorin ang [video](#) ng Lungsod na nagha-highlight sa mga epekto nitong innovation ecosystem. Upang malaman ang mas marami pa tungkol sa BHive, bisitahin ang thebhive.ca.

Mga Quote

“Sa buong termino na ito, inuuna ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pagpapasulong sa Brampton bilang isang lider sa innovation at pangunahing lokasyon para mamuhunan. Sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mga relasyon sa pandaigdigang mga partner tulad ng NASSCOM, nagpapatuloy tayo sa pagpapasulong sa profile ng Brampton sa buong mundo habang nagbibigay ng mga benepisyo sa lokal na ekonomiya. Inaasahan ko ang pagpapatuloy niong mahalagang trabaho kasama ang ating mga partner!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa patuloy na pagtutulungan sa lokal, nasyonal at pandaigdigan na mga stakeholder, ang Innovation District ng Brampton ay katangi-tanging nakaposisyon para magbigay ng tumaas na akses sa mga resource at mga serbisyo na nakatulong sa lokal na mga negosyante at negosyo na makaraos. Ang partnership na ito ay mas magpapabilis sa trabaho na ginawa natin hanggang ngayon para bumuo ng innovation at entrepreneurship ecosystem sa Downtown Brampton.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Habang nagpapatuloy tayo sa muling pagbubukas, labis na ikinagagalak ng Lungsod ang pagtanggap sa personal na delegasyon mula sa NASSCOM at upang magkaroon ng pagkakataon na ipakilala ang mga panauhin sa ating mahahalagang mga partner sa ating lumalaking Innovation District. Sa pamamagitan ng patuloy na pamumuhunan at pakikipagtulungan, patuloy nating hinihikayat ang pandaigdigang pansin na nagpoposisyon sa Brampton bilang pandaigdigang lider sa innovation.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Sa mga partner tulad ng NASSCOM, patuloy na pinapahusay ng Innovation District ang ecosystem nito para magbigay sa mga negosyo sa innovation at teknolohiya ng mga tool at mga resource na kailangan nila para makaraos. Sa pamamagitan ng pagbalanse sa pandaigdigang mga partnership at ibinahaging kaalaman at mahuhusay na mga gawi, ang Brampton ay nagiging walang kapantay na destinasyon para mamuhunan ang mga negosyo.”

- *Clare Barnett, Director, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca